



PATAKARAN SA PANININGIL NG YUTILIDAD SA LUNGSOD NG PORTOLA

I. Ang mga Bayarin sa Yutilidad ay Responsibilidad ng May-ari ng Ari-arian

- A. Lahat ng bayarin sa yutilidad na sinisingil ng Lungsod ng Portola ay responsibilidad ng may-ari ng ari-arian na hinahatidan ng serbisyo maging sino pa man ang nag-ookupa sa lugar.
- B. Reserbado ng Lungsod ng Portola ang karapatan sa pangongolekta ng anumang hindi nabayaranang pagkakautang na resulta ng mga bayarin sa yutilidad ng may-ari ng ari-arian, kahit pa ang mga bayarin ay alinman sa paggamit ng may-ari o ng ibang partido. Ang proseso sa koleksyon ng anumang hindi nabayaranang pagkakautang ay tutukuyin ng Lungsod at maaaring may kasamang pagwawakas ng serbisyo hanggang sa mabayaran ang pagkakautang, mga pamamaraan ng pangongolekta ng bayad sa utang laban sa may-ari at/o pagpapalit ng lien at/o pagtataya sa ari-arian.
- C. Ang mga serbisyo sa yutilidad ay sisingilin sa may-ari ng ari-arian. Maaaring piliin ng may-ari ng ari-arian na kumpletuhin ang isang form para sa awtorisasyon na magbibigay ng pahintulot sa Lungsod na magpadala ng kopya ng singil sa nangungupahan o sa tagapamahala ng ari-arian at tumanggap ng kabayaran mula sa nangungupahan o sa namamahala ng ari-arian. Ang pagbibigay ng awtorisasyon sa nangungupahan o sa tagapamahala ng ari-arian na siyang tumanggap ng singil at magbayad ay hindi nag-aalis ng ultimong responsibilidad sa may-ari ng ari-arian sa mga bayarin sa yutilidad.

II. Pagpapasimula ng Mga Serbisyo

- A. Kapag ang ari-arian na nakakunekta sa sistema ng pamamahagi ng tubig sa Lungsod at/o sa sistema ng pagpapaagos sa kanal ay minana o nagbago ang pagmamay-ari, kukumpletuhin ng may-ari ang isang form ng “Aplikasyon at Kasunduan para sa mga Serbisyo ng Yutilidad” sa loob ng tatlung (30) araw

ng pagkatamo. Lahat ng aplikasyon ay dapat gawin, nang personal, sa pamamagitan ng fax, e-mail o ng iba pang elektronikong pamamaraan, sa loob ng oras ng negosyo ng Lungsod. Kailangan ng Lungsod na ang aplikasyong ito ay makumpleto at maisumite sa loob ng humigit-kumulang dalawampu't apat (24) na oras bago ang hinihiling na petsa at oras ng pagka-epektibo ng serbisyo.

- B. Ang deposito sa halagang katumbas ng dalawang (2) buwan ng kasalukuyang Pangunahing Tara ng singil ay ipapataw, kukulektahin at hahawakan ng Lungsod malibang hilingin ang pagpaparaya sa deposito at ipinagkaloob ayon sa mga sumusunod na kondisyon.
- 1) Mapagkakatiwalaan sa pagkakautang na natukoy sa naunang account sa yutilidad na maganda ang katayuan sa Lungsod ng Portola.
 - 2) Matagumpay na nakumpleto ang pagsusuri sa pagkakautang, gamit ang mga salik na pana-panahong itinatag ng Lungsod, sa pamamagitan ng serbisyo ng pagtatara sa pagkakautang ng ikatlong partido na kinontrata ng Lungsod.
- C. Ang deposito ay hahawakan ng Lungsod sa loob ng isang (1) taon simula sa petsa na nagsimula ang serbisyo ng yutilidad, na sa panahong iyon ay rerebisahin ang account at kung ipinakikita ng kasaysayan ng pagbabayad na maganda ang katayuan ng account, na walang mahigit sa tatlong (3) pagmumulta sa mahigit na isang (1) taon, ang deposito ay alinman sa ike-credit sa account o, kung ang nangungupahan ay nasa account, ire-refund sa pamamagitan ng tseke at ipadadala sa koreo sa may-ari ng ari-arian sa address na naka-file.
- D. Kapag nagwakas ang serbisyo at hinahawakan ng Lungsod ang isang deposito, ang deposito ay ike-credit sa katapusang singil at anumang kalabisan ay ire-refund sa may-ari ng ari-arian.
- E. Ang mga refund ng deposito ay ipoproseso sa pamamagitan ng mga pamamaraan at iskedyul ng accounts payable ng Lungsod.
- F. Ang isang deposito ay hindi maaaring ilipat sa ibang account ng yutilidad maliban kung nabayaran na nang buo ang huling pagbabayad sa account.
- G. May babayaran sa paglilipat na kasama sa unang buwanang singil. Lahat ng pagbabago sa impormasyon, ibig sabihin, sa pangalan, address sa koreo, numero ng telepono o e-mail address na ilalagay sa aplikasyon ay dapat isumite nang nakasulat alinman sa personal, sa pamamagitan ng fax, e-mail o iba pang paraang elektroniko.
- H. Kung ang aplikante para sa serbisyo ng yutilidad ay may nananatiling balanse mula sa nakaraang serbisyo ng Lungsod hihilingin sa aplikante na bayaran ang nananatiling pagkakautang bago pasimulan ang bagong serbisyo.

III. Buwanang Singil

- A. Ang mga bayarin sa yutilidad ay sisingilin sa unang araw ng trabaho sa bawat buwan at kasama ang mga babayaran na nagamit nang nakaraang buwan. Maaaring isama sa mga paniningil ang mga nakaraang hindi nabayaranang singil at bayarin, mga multa, interes, patong na bayad sa pagkahuli at mga kaugnay na singil sa serbisyo.
- B. Ang mga bayarin sa yutilidad ay nakatakda at dapat bayaran sa petsa nang ipadala ang paniningil sa koreo. Ang bayarin ay ituturing na huli pagdating ng ika 5:00 NH sa ika-dalawampung (20) araw pagkatapos na maipadala ang singil sa koreo. Kung hindi mababayaran sa loob ng nauna nang nakasaad na dalawampung (20) araw, ang multa na sampung porsiyento (10%) ng halaga ng pagkakautang ay tatayahin. Kapag hindi natanggap ang singil ay hindi maaalis ang mga singil o multa.
- C. Oras na mataya ang multa, ang may-ari ng ari-arian ay padadalhan sa koreo ng ikalawang paunawa ukol sa pagka-delinkwente na nagpapahayag ng mga halagang dapat ibayad sa Lungsod at ng pagputol ng serbisyo pagkatapos ng animnapung (60) araw.

IV. Pagwawakas ng Lungsod sa Serbisyo

- A. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang ang pagbabayad ng kostumer ay maging delinkwente sa loob ng humigit-kumulang animnapung (60) araw. Padadalhan ng Lungsod ang kostumer ng Paunawa ukol sa Delinkwenteng Account (unang paunawa ukol sa pagputol) humigit-kumulang apatnapung (40) araw ngunit sa alinmang pagkakataon ay hindi kukulangin sa pitong (7) araw ng negosyo bago ang pagwawakas ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. Ang unang paunawa ukol sa pagputol ay ipadadala sa koreo sa address at/o mga address na nakasaad sa account. Kung magkaiba ang address sa koreo at ang address ng ari-arian na pinadalhan ng serbisyo, magpapadala sa koreo ng ikalawang paunawa sa address ng serbisyo at naka-address sa "Okupante".

Kasama sa unang nakasulat na paunawa ukol sa pagputol ang:

- Pangalan at address ng kostumer
- Halagang hindi pa nababayaran
- Petsa na kailangang isagawa ang pagbabayad o kailangang makipagkasundo ukol sa pagbabayad upang maiwasan ang pagwawakas ng serbisyo
- Paglalarawan ng proseso ng pagsasaayos ng babayaran o pagtatatag ng kadahilanan kung bakit nahihirapang magbayad
- Paglalarawan ng proseso ng pagtangi at pag-apela sa singil
- Numero ng telepono ng Lungsod ng Portola at web address ng nakasulat na *Patakaran sa Paniningil ng Yutilidad* sa Lungsod ng Portola

- B. Para sa mga residente na nangungupahan/okupante sa mga tirahan na may mga indibidwal na metro gagawa ang Lungsod ng makatwiran, at umaasang pagsisikap na pasabihan ang mga okupante, sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa, kapag ang account sa serbisyo ng tubig ay nahuhuli ng bayad at nakatakdang puputulin sa loob ng humigit-kumulang sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyo ng tubig. Papayuhan ng nakasulat na paunawa ang nangungupahan/okupante na may karapatan silang maging mga kostumer ng Lungsod ng Portola nang hindi kailangang magbayad ng halaga ng pagkakautang ng delingkwenteng account, basta't nakahanda silang akuin ang responsibilidad sa pagbabayad ng mga susunod na singil sa serbisyo ng tubig sa address na iyon at magbayad ng lahat ng kinakailangang deposito. Upang pabayaang halaga ng pagkakautang sa delingkwenteng account at makalikha ng hiwalay na account, kailangan ng nangungupahan/okupante na magbigay ng katibayan ng pangungupahan gamit ang isang form ng kasunduan sa pangungupahan -
- C. Para sa mga nangungupahan/okupante ng multi-unit complex na sineserbisyuhan ng isang pangkalahatang metro; gagawa ang Lungsod ng makatwiran at umaasang pagsisikap na pasabihan ang mga okupante kapag ang account sa serbisyo ng tubig ay hindi nakapagbayad at nakatakdang puputulin sa loob ng mahigit-kumulang sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyo ng tubig. Isasabit sa pintuan ng bawat residente ang nakasulat na paunawa. Papayuhan ng nakasulat na paunawa ang nangungupahan/okupante na may karapatan silang maging mga kostumer ng Lungsod nang hindi kailangang magbayad ng halaga ng pagkakautang ng delingkwenteng account, basta't nakahanda silang akuin ang responsibilidad sa pagbabayad ng mga susunod na singil sa serbisyo ng tubig sa lahat ng address na sinisilbihan ng pangkalahatang metro at bayaran ang lahat ng kinakailangang deposito. Kung ang isa o mahigit sa isang okupante ay nakahanda at may kakayahan na mag-ako ng responsibilidad para sa pagbabayad ng mga susunod na singil sa serbisyo ng tubig na kasiya-siya sa Lungsod hindi puputulin ang serbisyo maliban na lamang o hanggang sa maging delingkwente ang bagong account sa loob ng animnapung (60) araw na sa puntong iyon ay sasailalim ang account sa mga normal na pamamaraan ng pagpuputol ng serbisyo.
- D. Kung ang unang paunawa ukol sa pagputol ay bumalik dahil hindi maipadala ayon sa koreo, ang Lungsod ay gagawa ng makatwiran at umaasang pagsisikap na bisitahin ang lugar at maglagay doon ng paunawa ukol sa pagputol dahil sa hindi pagbabayad.
- E. Ang pagkabisong bayaran ang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa lugar ng residente sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa o pagsunod sa mga salik ng pinagkasunduang plano ng pagbabayad sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa ay magresulta sa pagpapadala ng huling paunawa ukol sa pagputol. Ang huling paunawa ukol sa pagputol ay sa paraan ng paunawa na nakasabit sa pintuan na dadalhin sa mga lugar sa loob ng hindi kukulangin sa sampung (10) araw na mauuna sa pagputol ng serbisyo.

- F. Lahat ng delingkwenteng singil sa serbisyo sa tubig at mga kaugnay na bayarin ay dapat matanggap ng Lungsod pagdating ng ika- 5:00 NH sa araw na tinutukoy sa paunawa ukol sa pagputol.
- G. Puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng pagpatay at sa ilang mga kaso ay sa pamamagitan ng pagsususi sa metro. Ang mga kawani ng pampublikong gawain ay hindi, sa alinmang pagkakataon, tatanggap ng kabayaran mula sa mga kostumer. Dagdag pa rito, hindi mapahihinto ng mga kawani ng pampublikong gawain ang isang pagsasara na iniskedyul ng departamento ng paniningil.
- H. Ang kostumer ay magbabayad ng singil sa muling pagpapakabit ng serbisyo sa sistema ng paniningil kahit na ang metro ay pisikal na sinarhan.
- I. Kung tinatanggihan ng kostumer ang singil maaari silang umapela. Ang mga apela ay kailangang isulat at ihain sa loob ng hindi kukulangin sa sampung (10) araw pagkatapos na ang paunawa ukol sa pagka-delingkwente ay naipadala labinlimang (15) araw pagkatapos ng unang singil. Kung tinatanggihan ng kostumer ang singil sa tubig at isinasakatuparan ang kanyang karapatan na maka-apela sa Tagapamahala ng Lungsod, hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad habang naka-pending ang apela.
- J. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa lugar ng residente kung LAHAT ng mga sumusunod na kondisyon ay matutugunan:
1. Ang kostumer o nangungupahan sa kostumer ay magsusumite ng sertipikasyon galing sa pangunahing tagapaglaan ng pangangalaga na ang pagputol sa serbisyo ng tubig ay (i) makamamatay, o (ii) may malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng taong nakatira sa ari-arian.
 2. Ipinakikita ng kostumer na wala siyang pinansiyal na kakayahan na magbayad ng serbisyo ng tubig sa loob ng normal na ikot ng panahon ng pagbabayad ng singil. Ang kostumer ay ituturing na "walang pinansiyal na kakayahang magbayad" kung alinman sa mga miyembro ng sambahayan ng kostumer ay: (i) kasalukuyang tumatanggap ng isa sa mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o ng California Special Supplemental Nutrition Program para sa Kababaihan, Mga Sanggol at Mga Bata; o (ii) idineklara ng gumagamit na ang taunang kinikita ng sambahayan ay mas mababa kaysa 200% ng federal na antas ng kahirapan; ang kostumer ay hihilinging magbigay ng mga kopya ng kinakailangang kapapelan at lalagda bilang pagpapailalim sa parusang perjury sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na lahat ng impormasyon na isinumite sa Lungsod ay totoo at wasto; at

3. Nakahanda ang kostumer na pumasok sa isang plano ng pagbabayad na $\frac{1}{3}$ ng nakaraang halagang dapat bayaran sa natitirang $\frac{2}{3}$ na balanse ng nakaraang halagang dapat bayaran sa loob ng labinlimang (15) araw.
- K. Ang Lungsod at kostumer ay pinapayagan lamang pumasok sa isang (1) plano ng pagbabayad sa isang panahon sa loob ng labindalawang (12) buwan.
 - L. Ang kostumer ay hindi maaaring humingi ng mas matagal na iskedyul ng pagbabayad ng alinmang susunod na hindi nabayarang singil habang nagbabayad ng mga delingkwenteng singil sang-ayon sa naunang pinagkasunduang plano ng pagbabayad. Kung hindi masusunod ng kostumer ang mga salik ng pinagkasunduang plano ng pagbabayad sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, o nabigong magbayad ng mga kasalukuyang singil sa serbisyo sa tubig sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa address ng serbisyo limang araw (5) ng negosyo pagkatapos na makapagsabit ang Lungsod ng huling nakasulat na paunawa ng pagputol ng serbisyo sa address ng serbisyo.
 - M. Ang kostumer ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang (1) beses na pag-aalis ng natayang multa. Ang multa ay katumbas ng nag-iisang (isang buwan) multa. Ang nag-iisang panahon na pag-aalis ng natayang multa ay gagawin lamang nang isang beses sa loob ng labindalawang (12) buwan.
 - N. Isasabit ang paunawa ukol sa pagwawakas sa ari-arian at nakalagay doon ang petsa at oras na puputulin ang serbisyo. Kung hindi matatanggap nang buo ang bayad sa serbisyo sa nakalistang petsa at oras sa paunawa ukol sa pagputol, ang isang karagdagang kabayaran sa pagputol ay tatayahin.

V. Pagwawakas ng Serbisyo ng May-ari ng Ari-arian

- A. Sa panahon na ang pagmamay-ari ng ari-arian ay inilipat, ang may-ari ng ari-arian ay magkukumpleto ng isang “Kahilingan para sa Pagwawakas ng mga Serbisyo ng Yutilidad.” Pagkatapos, ay isasara ng Lungsod, sa petsa ng pagka-epektibo, ang serbisyo ng tubig sa ari-arian.
- B. Kung ninanais ng may-ari ng ari-arian na pansamantalang isara ang tubig, sa loob ng hindi kukulangin sa animnapung (60) araw, ang may-ari ng ari-arian ay magkukumpleto ng “Kahilingan para sa Pagwawakas ng mga Serbisyo ng Yutilidad” at isasara ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa ari-arian. Ang singil sa pagkakaroon ng serbisyo ay patuloy na sisingilin sa may-ari ng ari-arian.

VI. Bumalik na Tseke

- A. Kapag bumalik ang tseke na hindi nakabayad, may ipapatong na singil sa account para sa bumalik na tseke. Pagkatapos, ang Lungsod, basta't praktikal na, ay magpapadala sa may-ari ng ari-arian ng paunawa na nagbibigay sa may-ari ng ari-arian ng 48 oras para bayaran ang halagang nasa tseke at ang singil sa bumalik na tseke. Ang kabiguang mabayaran ang kabuuang halaga sa tinutukoy na petsa ay magreresulta sa pagputol. Upang maibalik ang serbisyo, kailangang sundin ang parehong proseso na nakasaad sa ilalim ng bahagi IV. "Pagwawakas ng Lungsod sa Serbisyo" HINDI TATANGGAP NG ANUMANG TSEKE na magtatakip sa hindi nabayaran bumalik na tseke. Ang tatanggaping pagbabayad ay cash LAMANG, money order, o pagbabayad gamit ang debit/credit card. Oras na bumalik ang tseke na hindi nabayaran sa pangalawang pagkakataon sa kasaysayan ng account, hindi na muling tatanggapin ang tseke bilang kabayaran, kahit sinupaman ang nagsulat ng tseke.
- B. Sa pagkakataon na maglaan ang kostumer ng tseke na hindi mapapasubalian bilang kabayaran upang maibalik ang serbisyo ng tubig na pinutol nang nakaraan dahil hindi nabayaran at ibinalik ng Lungsod ang serbisyo, maaaring putulin kaagad ng Lungsod ang serbisyo nang hindi magpapadala ng paunawa. Walang 48-oras na paunawa sa pagwawakas ang ibibigay sa kaso ng tseke na hindi mapapasubalian na inilaan sa pagbabayad ng mga singil sa tubig na nakatakdang puputulin.

VII. Form para sa Awtorisasyon sa Nangungupahan/Tagapamahala ng Ari-arian

- A. Kung nais ng may-ari ng ari-arian na ipadala ang singil sa yutilidad sa nangungupahan o sa tagapamahala ng ari-arian, kailangang kumpletuhin ng may-ari ng ari-arian ang "Form para sa Awtorisasyon ng Nangungupahan/Tagapamahala ng Ari-arian." Ang form na ito ay nagbibigay sa Lungsod ng awtorisasyon na magpadala ng mga singil at tumanggap ng mga kabayaran mula sa isang tao na iba pa sa may-ari ng ari-arian. Ang pagbibigay ng awtorisasyon sa nangungupahan o sa tagapamahala ng ari-arian na siyang tumanggap ng singil at magbayad ay hindi nag-aalis ng ultimong responsibilidad sa may-ari ng ari-arian sa mga bayarin sa yutilidad.

VIII. Singil sa Pagkakaroon ng Serbisyo

- A. Lahat ng ari-arian na nakakunekta sa sistema ng pamamahagi ng tubig at/o pagpapaagos sa kanal ay pagbabayaran ng buwanang singil sa pagkakaroon ng serbiyo ginamit man o hindi.

- B. Ang singil sa pagkakaroon ng serbiyso ay katumbas ng buwanang bayarin sa metro ng tubig tulad ng itinakda ng Konseho ng Lungsod sa Iskedyul ng Pagbabayad sa Lungsod ng Portola.
- C. Para sa mga yunit ng residente ang singil sa pagkakaroon ng serbisyo ay magiging epektibo kapag ang buwanang patak sa metro ng tubig ay zero.
- D. Ang mga yunit na komersyal, pamahalaan, paaralan, simbahan at mga yunit na halu-halong gamit ay magbabayad ng buwanang pangunahing singil sa pagpapaagos sa kanal maliban kung nakumpleto ng may-ari ng ari-arian ang isang “Kahilingan para sa Pagwawakas ng Mga Serbisyo” at pinatay ng Lungsod ang metro ng serbisyo ng yutilidad. Ang pagwawakas ng serbisyo ng yutilidad ay magagamit lamang sa mga panahon na higit sa animnapung (60) araw. Oras na mawakasan ang serbisyo ng yutilidad pagbabayaran ang account ng singil sa pagkakaroon ng serbisyo sa pagpapaagos sa kanal hanggang sa panahon na maibalik ang serbisyo.

IX. Serbisyo sa Pangongolekta ng Karumhan

- A. Oras na magsimula ang serbisyo ng yutilidad ng Lungsod, lahat ng yunit na okupado, tulad ng nakasaad sa City’s Franchise Agreement for Refuse Collection at sa City of Portola Municipal Codes, at tulad ng itinala ng may-ari ng ari-arian sa aplikasyon para sa serbisyo, ay kinakailangang magkaroon ng serbisyo sa pangongolekta ng karumhan. Ang impormasyon para sa paniningil ay ipaadala sa franchise ng Lungsod na kompanya para sa pangongolekta ng karumhan. Ang paniningil para sa pangongolekta ng karumhan ay ipoproseso ng franchise sang-ayon sa mga hinihingi ng kasunduan sa franchise.

X. Mga Singil para sa Pagtatabon at Pag-iimbak ng Basura

- A. Sa mga singil sa mga serbisyo sa nasasakupan ng hangganan ng Lungsod ng Portola ay kabilang ang buwanang bayarin para sa pagtatakip ng tabon ng basura at pamamahala ng mga layunin ng Lungsod para sa mga inimbak na basura. Ang mga yunit ng residenteng nag-iisang pamilya at maramihang pamilya ay sisingilin ng mga buwanang singil na ito para sa bawat yunit ng residente. Ang mga yunit na komersyal ay sisingilin ng mga buwanang singil na ito para sa bawat serbisyo ng tubig na nakakabit sa yunit. Ang mga yunit na halu-halong gamit ay sisingingilin ng mga buwanang singil na ito para sa bawat yunit ng residente at para sa bawat serbisyo ng tubig na nakakunekta sa isang komersyal na yunit.
- B. Ang mga buwanang singil na ito ay sisingilin sa lahat ng account ng yutilidad maliban na lamang kung ang account ay pinagbabayad ng singil sa pagkakaroon ng serbisyo ayon sa Bahagi VIII, sa itaas.

XI. Sari-sari at iba pa

- A. Ang metro ng tubig ay ari-arian ng Lungsod ng Portola. Ang mga may-ari ng ari-arian, mga nangungupahan, mga tagapamahala ng ari-arian, mga tubero, at mga nangongontrata sa konstruksyon ay hindi awtorisadong magpagana sa mga tubo na ari-arian ng Lungsod o makialam sa mga metro ng tubig.
- B. Sa pagkakataong binuksan ng Lungsod ang metro ng tubig nang wala roon ang may-ari ng ari-arian o ang ahente at itinatara ng metro na dumadaloy ang tubig, papatayin ng Lungsod ang tubig at pasasabihan ang kostumer. Tutulungan ng Lungsod ang kostumer na matukoy kung kailan maaari nang buksan ang metro ng tubig.
- C. Lahat ng kahilingan kaugnay ng serbisyo ng yutilidad ay kailangang padaanin sa City Hall. Lahat ng empleyado ng lungsod na nagtatrabaho sa larangan ay hindi awtorisadong tumanggap ng mga tawag ukol sa serbisyo o ng mga kabayaran.

XII. Mga Depinisyon

- A. Maganda ang Katayuan ng Account – Isang account ng yutilidad na sa loob ng humigit-kumulang labindalawang (12) buwan na hindi nagkaroon ng multa na tinatayang mahigit sa tatlong (3) beses.
- B. Pangunahing Tara ng Singil – Ang tara ng metro ng tubig, buwanang tara sa pagpapaagos, singil sa pagtatabon at singil sa pamamahala ng imbak ng basura.
- C. Singil sa Pagtatabon ng Basura – singil na ipinapataw upang pondohan ang itinakda ng estado na pagsasara at pagtatabon ng Basurahan ng Portola.
- D. Singil sa Bumalik na Tseke – singil na ipinapataw sa account kapag ibinalik ng bangko ang tseke sa Lungsod.
- E. Singil sa Pagkakaroon ng Serbisyo – buwanang singil sa tubig at pagpapagos sa kanal na ipinapataw sa lahat ng ari-arian na nakakunekta sa sistema ng Lungsod sa tubig /pagpapagos ginamit man o hindi okupado.
- F. Singil sa Serbisyo – singil na ipinapataw sa pagbibigay ng karagdagang serbisyo sa isang account, kasama ngunit hindi limitado sa: pagsasara dahil sa pagkukumpuni.
- G. Singil sa Pagproseso ng Pagsasara – singil na ipinapataw sa account para sa mga proseso ng pagsasara dahil sa hindi pagbabayad.
- H. Singil para sa Imbak na Basura – singil na ipinapataw upang mapagtakpan ang mga gastusin ng Lungsod kaugnay ng pondo para sa imbak na basura.

- I. Singil sa Paglilipat – singil na inilalapat sa bawat account sa oras na maging aktibo ang account.
- J. Mga bayarin sa yutilidad – Lahat ng babayaran at mga tara na kaugnay ng mga serbisyo sa tubig at pagpapaagos na ibinibigay ng Lungsod ng Portola sa kostumer, kasama ang: mga pangunahing buwanang singil, tara ang paggamit sa tubig, singil sa dami ng pinaaagos sa kanal, mga pagtawag sa serbisyo, singil sa paglilipat, singil sa muling pagkakabit, singil sa pagtatabon ng basura at pamamahala sa imbak ng basura.